# Kagawaran ng Pulisya ng Renton
# Konseho ng Komunidad ng Hepe

## Kasunduang Charter

**Layunin**
Ang Konseho ng Komunidad ng Hepe (Chief's Community Council, CCC) ng Kagawaran ng Pulisya ng Renton (Renton Police Department) ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembro ng komunidad na mabigyang tungkulin bilang tagapayo upang magbigay ng mga rekomendasyon sa Kagawaran ng Pulisya tungkol sa mga isyu ng kaligtasan ng publiko.

Magkatuwang na tutukuyin ng konseho ng komunidad at pulisya ang mga isyu sa kaligtasan ng publiko at makikipagtulungan sa mga pinuno ng komunidad, lokal na mga organisasyon, at stakeholder upang gumawa ng praktikal at epektibong mga solusyon atpatas na mga kasanayan sa pagpupulis ng komunidad.

**Misyon**
Pakikipag-ugnayan sa komunidad na nagdaragdag ng halaga sa misyon ng Kagawaran ng Pulisya ng Renton na etikal at pantay na mga serbisyo sa Lungsod ng Renton.

**Pahayag ng Pananaw**
Ang konseho ng komunidad ay may tungkuling payuhan ang pamunuan ng pulisya na tukuyin ang mga hadlang at oportunidad para makagawa ng:
1) Patas na mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas sa ating komunidad
2) Pinahusay na mga serbisyo sa pagpigil sa krimen at pagpapatupad ng batas
3) Pinahusay na ugnayan at komunikasyon ng komunidad at pulisya
4) Pinahusay na transparency mula sa Kagawaran ng Pulisya ng Renton

**Pagiging miyembro**
1) Kusang-loob na inaalok ng mga miyembro ng konsehong ito ang kanilang oras, pagod, at kakayahan
2) Kumakatawan ang konseho sa iba't ibang sektor na kasama, pero hindi limitado sa:
   a) Renton School District
   b) Mag-aaral (16 – 23 taon)
   c) Senior (55 taon +)
   d) Komunidad ng Negosyo
   e) Representasyon mula sa iba't ibang komunidad ng kulay batay sa kasalukuyang data ng sensus ng Lungsod ng Renton:
      - Asian American
      - American Indian o Katutubo sa Alaska
      - Itim o Aprikanong Amerikano

- Hispanic, Latino, o Espanyol
- Katutubong Hawaiian o Iba Pang Taga-isla sa Pasipiko
- Puti

f) Organisasyong Nakabatay sa Simbahan/Panampalataya
g) Komunidad ng LGBTQIA+
h) Kinatawan ng komunidad para sa mga may kapansanan
i) Dati o retiradong miyembro ng tapagpatupad ng batas

3) Maaaring limitado ang dami ng miyembro at hindi lalagpas sa 25 miyembro
4) Ginawa ang steering committee para pangasiwaan ang layunin, misyon, at pananaw ng Konseho ng Komunidad ng Hepe; ang mga miyembro ay pinili ng Hepe ng Pulisya at mga lokal na pinuno ng komunidad.

**Tungkulin ng Konseho ng Komunidad**

1) Magbigay ng pananaw ng komunidad at rekomendasyon tungkol sa mga patakaran, pamamaraan, programa, at pagiging epektibo ng mga serbisyo ng pulisya
2) Magsilbing tagapamagitan ng pulisya at komunidad
3) Tumulong sa pakikipag-ugnayan sa komunidad at mga pagsisikap para dito
4) Tumulong na tukuyin ang mga hadlang at gumawa ng mga paraan para isulong ang patas na mga resulta na kumakatawan at para sa ikabubuti ng komunidad

**Responsibilidad ng Bawat Miyembro**

1) Magsilbing tagasubok ng patakaran at pamamaraan na may layunin ng pantay na mga resulta
2) Kinatawan ng magkakaibang grupo sa pagbibigay ng input na sumasalamin sa mga alalahanin, pananaw, at ideya ng bawat grupo
3) Mag-ulat sa grupo at/o komunidad na iyong kinakatawan ang impormasyon sa mga resulta at update ng konseho
4) Maging tagapagtaguyod ng layunin at misyon ng konseho ng komunidad

**Tungkulin ng Tauhan ng Pulisya**

1) Magharap ng mga paksa, tanong, protocol at/o pamamaraan sa konseho ng komunidad
2) Magtalaga ng facilitator na mamamahala at mangangasiwa sa mga miting
3) Magbigay ng mga mapagkukunan para maisagawa ang mga gawain para sa konseho ng komunidad
4) Makinig sa mga ibinangong isyu, ibahagi ito sa naaangkop na kawani, at mag-ulat muli

**Pamantayan ng Pagiging Miyembro**

Upang matanggap bilang miyembro ng konseho, kailangang pasok ka sa sumusunod na pamantayan:

1) Kailangang nakatira sa loob ng Lungsod ng Renton, o may iba pang koneksyon sa Lungsod ng Renton gaya ng organisasyong nakabatay sa pananampalataya o paaralan
2) Mangakong maglingkod nang hindi bababa sa dalawang taon (para sa mga mag-aaral: isang taon), at dumalo sa 75% ng regular na nakaiskedyul na mga quarterly meeting
3) Magsumite ng aplikasyon at suriin at kilalanin ang charter ng konseho ng komunidad.

4) Kailangang magsumite ang mga aplikante ng sulat ng interes na nagbibigay impormasyon sa kung bakit gusto nilang maging miyembro ng CCC, sa kanilang pananaw sa kanilang tungkulin sa konseho (kung napili), at sa kanilang mga inaasahan sa loob ng panahon na magiging kasapi sila.
5) Hinihikayat ang mga bagong miyembro na dumalo sa oryentasyon ng miyembro ng konseho ng komunidad, na may opsyon na sumama sa mga trabaho ng pulisya.
6) Maging kilala at pahalagahan bilang lider na handang magbahagi, makinig, at umunawa sa mga isyung nakakaapekto sa mga residente ng Lungsod ng Renton
7) Ninanais na makipagtulungan para tukuyin ang mga solusyon

**Limitasyon ng Termino**

1) Dalawang taon ang limitasyon sa termino ng mga papasok na miyembro at maaaring palawigin sa ikatlong termino ayon sa naaprubahan at ibinoto ng konseho ng komunidad.
2) Mananatiling flexible ang patiunang limistasyon sa termino ng mga miyembro ng steering committee, na may opsyon na pumili ng mga lider mula sa loob ng grupo (na may itinatag na limitasyon sa termino) sa ibang araw.

**Pagtatanggal ng Miyembro**

1) Ang lahat ng mosyon na tanggalin ang kasalukuyang miyembro ng konseho ay sasailalim sa boto ng buong konseho.
2) Maaaring mairekomenda ang isang miyembro kung nasira ang imahe ng konseho ng komunidad o pulisya dahil sa kanya.
3) Lahat ng miyembro ng CCC ay naglilingkod ayon sa pagpapasya ng Hepe ng Pulisya, at maaari nilang tanggalin ang isang miyembro kung kinakailangan.